SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY

# CalFresh Fact Sheet KATIYAKANG KAALAMAM PARA SA CALFRESH

Mabisa Oktubre 1, 2025

## ANO ANG SAMBAHAYANG CALFRESH?

- Ang taong nag-iisang namumuhay
- Ang taong namumuhay kasama ng iba ngunit bumibili at naghahanda ng sariling pagkain
- Isang grupo ng mga taong magkakasamang namumuhay at sama-samang bumibili at naghahanda ng pagkain.
- Mga magulang na namumuhay kasama ng kanilang mga anak na may edad 21 taong gulang o mas mababa (may-asawa o wala, kasama ang kanilang anak o hindi)
- Mga anak na nasa hustong gulang (22 taong gulang o mas matanda) na naninirahan sa kanilang mga magulang na bumibili at naghahanda ng sariling pagkain hiwalay sa kanilang mga magulang
- Magasawa na nakatira sa parehong pamamahay

## PAANO AKO MAGIGING KUWALIPIKADO?

Ang pagiging karapat-dapat ay tinutukoy ayon sa laki ng inyong sambahayan, kita, gastos at mga iba pang mga dahilan.

## ANO ANG PINAKAMATAAS NA KITA PARA SA AKING SAMBAHAYAN?

| Laki ng sambahayan | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 130% FPL | $1696 | $2292 | $2888 | $3483 | $4079 | $4675 | $5271 | $5867 |
| 200% FPL | $2610 | $3526 | $4442 | $5360 | $6276 | $7192 | $8110 | $9026 |

Para sa karamihan ng mga sambahayan, ang inyong kabuuang buwanang kita (bago ng mga pagbawas sa suweldo) ay dapat nasa o mas mababa sa 200%FPL. Ang mga sambahayan na naparusaan ay ibabatay pa rin sa 130%FPL. Tawagan ang Kounty upang ipaliwanag ang Pinakababang Limitasyon ng Pag-uulat ng Kita ng inyong sambahayan.

## ANO ANG PINAKAMATAAS NA MGA BENEPISYO NG CALFRESH?

| Laki ng sambahayan | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pinakamataas na halaga | $298 | $546 | $785 | $994 | $1183 | $1421 | $1571 | $1789 |

Ang tsart na ito ay ipinapakita ang pinakamataas na halaga ng buwanang benepisyo ng CalFresh na maaaring matanggap ng bawat sambahayan ayon sa laki nito.

## KABILANG BA ANG AKING MGA PAGAARING YAMAN?

Ang mga pag-aaring yaman(resources) ay hindi kabilang sa pagpapasiya para sa pagiging karapat-dapat para sa lahat ng sambahayang CalFresh, maliban para sa Pinabilis na Serbisyo (Expedited Services). Anumang kita mula sa mga pag-aaring yaman (halimbawa. interes ng pera sa bangko, mga tubo ng saping puhunan (stock dividends), kita sa pagpapa-upa, atbp.) ay kasama bilang bahagi ng kabuuang kita ng sambahayan.

## ANO ANG MGA PINABILIS NA SERBISYO (EXPEDITED SERVICES)?

Ang Pinabilis na Serbisyo (Expedited Services) ay nagkakaloob ng kaagad na tulong sa pagkain para sa ilang mga sambahayan. Para tumanggap ng Pinabilis na Serbisyo, ang kustomer ay kailangan maging karapat-dapat, magbigay ng katibayan ng pagkakakilanlan, at:

- Ang kabuuang buwanang kita ng inyong sambahayan at ang mga pag-aaring madaling maging pera (liquid resources) ay mas mababa sa inyong renta/sangla at mga gastos sa utilidad; O
- Ang kabuuang buwanang kita ng inyong sambahayan ay mas mababa sa $150, at ang kabuuang pag-aaring yaman na madaling maging pera ng sambahayan ay mas mababa sa $100.

Ang Pinabilis na Serbisyo ay nagkakaloob ng mga benepisyo ng CalFresh sa kustomer sa ika-3 araw ng kalendaryo kasunod ng petsa ng aplikasyon. Ang Sabado at Linggo ay itinuturing na isang araw ng kalendaryo.

## ANO KUNG AKO AY NASA ILALIM NG IBA PANG PAMPUBLIKONG TULONG KAGAYA NG SSI?

Kung kayo ay tumatanggap ng CalWORKS, CAAP, SSI, kapansanan, o kawalan ng trabaho, maaari pa rin kayo maging karapat-dapat para sa CalFresh.

## ANO KUNG AKO AY MATANDA O MAY-KAPANSANAN?

Maaari kayong maging karapat-dapat para sa mga benepisyo ng CalFresh. Karamihan ng mga kustomer sa San Francisco ay kasalukuyang tumatangap ng CalFresh at tumutugma sa isa o higit pa sa mga sumusunod na pamantayan: may edad 60 o mas mataas; tumatanggap ng Social Security Disability; tumatanggap ng SSI/SSP; tumatanggap ng Medi-Cal dahilan sa kapansanan; tumatanggap ng buong VA pension; mataas na upa, utilidad, at/o gastos sa pagpapagamot.

## ANO ANG ABAWD?

Ang Mga Taong May Kakayahan na Nasa Hustong Gulang na Walang Umaasa (ABAWD) ay 18 taong gulang hanggang 54 taong gulang na walang batang nakatira sa bahay. Ang ABAWD ay kailangang matugunan ang mga kinakailangan sa trabaho o may eksempsyon tulad ng mag-aaral sa kolehiyo o, tumatanggap ng UIB, upang makatanggap ng higit sa tatlong buwan ng Calfresh sa loob ng tatlong taon. Tumawag ngayon upang malaman ang tungkol sa mga pagkakataon sa trabaho and pagsasanay.

## ANO KUNG AKO AY PUMAPASOK SA KOLEHIYO?

May ilang mga estudyante sa kolehiyo ang maaaring maging karapat-dapat para sa mga benepisyo ng CalFresh. Sinumang may edad 50 o mas matanda ay karapat-dapat para sa CalFresh. Para sa mga may edad na 18 hanggang 49 at naka-enrol kahit na kalahati ng panahon ay dapat nilang matugunan ang kahit isa sa iba pang pamantayan sa petsa ng panayam ng CalFresh:

- Nagtatrabaho ng may katamtamang oras (average) na hindi bababa sa 20 oras kada lingo
- May naaprubahan na estado o pederal na trabaho at pag-aaral(State or Federal Work Study) sa kasalukuyang panahon ng pasukan.
- Responsibilidad ng magulang para sa umaasang bata na edad 6 o mas bata
- Responsibilidad ng magulang para sa umaasang bata na edad 6 ngunit mas bata sa edad 12 na walang sapat na pag-aalaga ng bata.
- Responsibilidad ng nag-iisang magulang para sa umaasang bata na ang edad ay mababa sa edad 12

## ANONG MGA LENGGUWAHE ANG MAYROONG TULONG?

Ang San Francisco CalFresh ay may mga aplikasyon at mga kawani para sa mga sumusunod na mga lengguwahe: English, Spanish, Chinese (Mandarin/Cantonese),

Russian, Vietnamese, at Tagalog. May kawani na sasalubong sa mga taong may-kapansanan o may mahinang pandinig. Mayroon ding Language Line para sa iba pang lengguwahe na hindi nakalista sa itaas.

## PAANO KO MAKUKUHA ANG AKING MGA BENEPISYO?

Ang mga kustomer ay bibigyan ng isang plastic na Electronic Benefits Transfer (EBT) kard at Personal Identification Number (PIN). Nakadeposito ang mga benepisyo ng CalFresh sa EBT kard kagaya ng isang ATM debit kard, at maaaring magamit sa anumang Point of Sale (POS) na makina sa mga kalahok na tindahan o palengke (farmers' market). Ang halaga ng nabili ay awtomatikong binabawas mula sa inyong benepisyo ng CalFresh na nasa EBT kard. Para malaman ang mga tindahan na malapit sa inyo, bumisita sa **ebt.ca.gov/locator/index.html#/locator.page**

Ang mga kustomer na matatanda, may permanenteng kapansanan, at walang tirahan (homeless) ay maaaring gamitin ang kanilang EBT kard upang bumili ng lutong pagkain mula sa mga awtorisadong restauran sa San Francisco sa pamamagitan ng paglahok sa Restaurant Meals Program. Bumisita sa **sfhsa.org/rmp** para sa listahan ng mga kalahok na restauran.

## ANO ANG DAPAT KONG MAKUMPLETO PAGKARAANG MAAPRUBAHAN?

Kinakailangan ninyong kumpletuhin ang Ika-anim na Buwang Pag-uulat (SAR-7) minsan sa isang taon. Sa napipintong pagtatapos ng inyong sertipikasyon, kinakailangan muling kumpletuhin ang panibagong sertipikasyon ng benipisyo sa pamamagitan ng pakikipanayam sa inyong kawani at pagsumite ng mga kinakailangang papeles.

## ANO ANG AKING MGA KARAPATAN?

Kung sa inyong palagay ay nagkaroon ng hindi kinakailangang pag-antala sa pagproseso ng inyong aplikasyon, o kung sa inyong palagay hindi naunawaan ng inyong worker ang mga totoong impormasyon para sa pagpapasiya ng inyong pagiging karapat-dapat, maaari kayong sumulat para sa pagdinig ng estado sa:

APPEALS UNIT

S600 - DEPARTMENT OF HUMAN SERVICES

P.O. BOX 7988

SAN FRANCISCO, CA 94120

Kahit anuman ang inyong pagiging karapat-dapat, may karapatan kayo na tratuhin nang may paggalang at pagpapahalaga kung kayo ay mag-aplay para sa CalFresh.

Ang DHS ay hindi magkakaroon ng diskriminayon laban sa sinuman dahilan sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, relihiyon, katayuan sa buhay, kasarian, seksuwal na orientasyon, kapansanan, pagsanib sa politika, samahang domestik, o grupo ng etniko na pagkakakilanlan. Kung naniniwala kayo na hindi kayo pinakitunguhan nang pantay, tawagan ang DHS Civil Rights Office sa **(415) 557-6574**.

## PAANO KO KAYO MATATAGPUAN?

**SA TELEPONO:** **(855) 355-5757**

**Online:** **benefitscal.com**

**SA KOREO:** Human Services Agency, PO Box 7988, San Francisco CA 94120-9939

**SA PERSONAL:** 1460 Mission Street, 1440 Harrison Street, 170 Otis Street, 2 Gough Street, and 3120 Mission Street. Monday-Friday, 8:00 AM - 5:00 PM

Ang Fact Sheet na ito ay hindi ginagamit bilang kahalili para sa mga regulasyon ng CalFresh o SNAP. Ang SF Department of Human Services ay mayroong mga kopya ng mga regulasyon ng Estado o Pederal.

Na-update noong Abril 20, 2026